

Taon XXXIV Blg. 4 Marso 22, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Labanan ang pananalakay ng US sa Iraq

Marapat gawin ng mamamayan ng buong daigdig ang lahat ng paraan upang biguin ang di makatarungang gera ng US

ariing kinukundena ng Partido Komunista ng Pilipinas ang armadong pananalakay ng gubyernong US sa Iraq. Ang unilateral at aroganteng paglulunsad ng gera ay tahasang pagyurak sa soberanya ng Iraq at kalayaan ng mamamayang Iraqi.

Paglapastangan ito sa mga prinsipyo ng pantay na karapatan, soberanya at kasarinlan ng mga bansa, di pagsalakay sa isa't isa at di panghihimasok sa mga panloob ng usapin ng mga bansa.

Marapat at kinakailangang magkaisa ang mamamayan ng buong daigdig at ibigay ang lahat ng maiaambag upang wakasan at biguin ang pananalakay na ito ng imperyalismong US. dente George W. Bush ng US ng 48oras na ultimatum noong Marso 18 para sumuko ang gubyerno ng Iraq at ginamit itong daan sa paglulunsad ng gera. Layunin ng US na lusubin ang Iraq upang ibagsak ang gubyernong anti-US at maka-

> pagpwesto roon ng papet na rehimen. Makatwiran ang gubyernong Iraq na kundenahin ang ultimatum. Nagbigay ito



ultimatum kay Bush na magbitiw dahil sa walang katarungang panggegera at malubhang pagkakahiwalay nito ngayon sa mundo.

Dalawang araw nang pinauulanan ng bomba ang Baghdad, kabisera ng Iraq. Kasabay nito, sumalakay ang mga sundalong Amerikano gamit ang kanilang mga tangke sa mga bayan sa katimugang bahagi ng bansa.

Matindi ang galit ng mamamayan at gubyernong Irag laluna sa paghuhulog ng mga bomba sa mga bahay at gusaling sibilyan sa Baghdad. Mga sibilyan, kabilang ang ilang bata, ang namatay sa pambobomba. Nakahanda ngayon ang mamamayan at mga sundalong Iraqi na depensahan ang kanilang bansa. Kinokonsolida nila ngayon ang kanilang hanay at inaabangan ang pagpasok ng mga tropang Amerikano sa kaloob-looban ng Iraq upang labanan sila sa pamamagitan ng gerang regular at di regular. Nakahanda ang armado at di armadong mamamayan sa paglulunsad ng patriyotikong digma.

Aroganteng isinaisantabi ng US ang pagtutol ng malawak na masa ng mamamayan sa daigdig, ng nakararaming bansa at pati na ng karamihan ng mga alyado ng US. Pilit

Mga tampok sa isyung ito...

Sinalakay na ng US ang Iraq

PAHINA 3

lka-34 anibersaryo ng BHB

PAHINA 5

98 armas nasamsam ng BHB sa Surigao

PAHINA 6

itong nagmaniobra, nagpakana at naglubid ng kung anu-anong pagdadahilan para makakuha ng suporta para sa panggegera sa Iraq. Bandang huli, dahil tiyak nang matatalo ang resolusyong ipinipilit nitong ipapasa sa United Nations, inunahan, binastos at ginawa nang inutil ng US ang pandaigdigang kapulungan.

Ipinakikita ng walang pakundangang pananagasa sa mga prosesong internasyunal at diplomatiko na walang balak ang US na pumailalim sa kapasyahan ng higit na nakararaming bansa sa buong daigdig. Ipinakikita nito na ang tanging mapagpasya ay ang militar na supervoridad bilang nagsosolong imperyalistang superpower sa mundo. Ipinakikita nitong kayang lapastangin ang mga saligang prinsipyo ng sibilisadong relasyon sa pagitan ng mga bansa at yurakan ang soberanya at kasarinlan ng anumang bansa.

Ginagampanan ngayon ng US ang naging karumal-dumal na papel ng mga pasistang Germany, Japan at Italy noong ikalawang digmaang pandaigdig. Walang kapantay sa nakaraan ang inaani ngayong poot ng imperyalismong US

mula sa mamamayan at iba't ibang bansa sa mundo.

Ang masidhing unilateralismo at panggigigil ng US sa gera ay itinutulak ng hayok na pagnanais nitong baguhin ang dibisyon ng daigdig sa pagitan ng mga imperyalista, pasaklawin ang hegemonya nito sa Iraq, magtalaga rito ng papet na rehimen, angkinin ang ya-

mang langis ng - Iraq at kontrolin na rin ang kalakhang suplay ng langis sa Middle East at sa buong daigdig. Tulak ito ng despera-

syon ng imperyalismong US sa harap ng napakasidhing krisis sa ekonomya.

Lubos ang karapatan ng Iraq na labanan, puksain at lipulin ang mga umaatakeng dayong armadong pwersa at biguin ang tangkang papaghariin doon ang imperyalistang kapangyarihan ng US.

Nagpupugay ang PKP sa ipinamamalas na militansya at katatagan ng mamamayang Iraqi para ipagtanggol ang kanilang pambansang soberanya at tutulan ang mga dikta ng *superpower* na imperyalistang US. Walang ibang dapat gawin ang mamamayang Iraqi kundi ang maglunsad ng isang patriyotikong gera laban sa agresyon ng US.

Sa harap ng imperyalistang panggegera ng US sa Iraq, ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan sa daigdig ay dapat maglunsad ng lahat ng posibleng paraan at anyo ng pakikibaka para labanan at

ibagsak ang imperyalismong US.

Kailangang makiisa ang rebolusyonaryo at mamamayang Pilipino at lahat ng rebolusyonar-

yo at mamamayan sa daigdig sa paglaban ng mamamayang Iragi sa armadong agresyon ng US. Sa pagyurak ng US sa soberanya at kasarinlan ng Iraq, lalo ring lumalaki ang banta ng agresyon ng US sa Pilipinas. Bahagi ng tungkuling internasyunalista natin ang paglaban at pagbigo sa agresyon ng US sa ating bansa. Kailangang kundenahin at labanan, gamit ang lahat ng posibleng paraan, ang bulag na pagsuporta ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa imperyalistang amo nito. Kailangang ibagsak ang mga gubyernong sumusuporta sa gerang agresyon ng US sa Irag.

Ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan sa US at sa iba pang mapandigma at pasistang kasapakat ng US ay kailangang maglunsad ng lahat ng posibleng anyo ng pakikibaka—ligal at iligal, armado at di armado—upang pigilan ang agresyon laban sa Iraq at bigwasan ang mga imperyalistang gubyerno nina George W. Bush ng US, Tony Blair ng UK, Jose Maria Aznar ng Spain at John Howard ng Australia.

Lubos na wasto ang panawagan sa mamamayan ng mga imperyalistang bansang ito na itransporma ang imperyalistang gera sa mga gera sibil laban sa kani-kanilang mapandigmang mga gubyerno.

### Nagpupugay ang PKP sa ipinamamalas na militansya at katatagan ng mamamayang Iraqi...

ANGBAYAN

Taon XXXIV Blg. 4 Marso 22, 2003

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org.
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

#### Nilalaman

Editoryal	
Labanan ang pananalakay	
ng US sa Iraq	1
Sumalakay na ang halimaw	3
Tutol sa gera ang mga Pilipino	4
Ika-34 anibersaryo ng BHB	5
Matatagumpay na TO	6
Mga ulat koresponsal	
Bigo ang <i>all-out war</i> sa Panay	7
Mga sundalong US sa Panay	8
Magigiting na Pulang kumander	9
Balita	11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Sumalakay na ang halimaw

Sa pag-atake sa Iraq, buong-yabang na ipinakikita ng US sa mundo na wala itong isinasaalang-alang kundi ang makasariling imperyalistang interes

Itong Marso 20, sinimulan na ng imperyalismong US ang duwag at walang pakundangang pambobomba sa Iraq. Bilang sagot, naglunsad rin ng pambobomba ang Iraq laban sa mga pwersang Amerikano na nasa hangganan ng Kuwait. Pinabulaanan nito ang ipinagkakalat ng US na handa na diumano ang malaking bahagi ng pwersang militar ng Irag na sumuko at lumaban sa rehimen ni Saddam Hussein.

Sinundan ito ng mas malala pang pambobomba na nakatuon sa kabahayan ni Saddam Hussein at kanyang mga anak na babae. Nilusob na rin ng mga pwersang Amerikano ang katimugang bahagi ng bansa at inokupa ang isang bayan na nasa hangganan ng Iraq at Kuwait.

Pinalalabas ng US na hudyat pa lamang ito ng mas malalaking ata-ke. Gayunpaman, ilang araw bago ito, nagpaulan na ng mga bomba ang dalawang eroplanong B-1 sa katimugan ng Baghdad. Ginapang na rin ng mga tropang Amerikano ang "demilitarized zone" na pina-kamalapit sa hangganan ng Kuwait.

Sa kabila ng kayabangan ng US hinggil sa kanilang *high tech* at mas malalakas na armas, umaasa itong masasakop ang Iraq kung kusang susuko ang mga sundalong Iraqi. Kasabay ng tuluy-tuloy na pananakot sa mamamayang Iraqi, tuluy-tuloy din ang US sa pagkakalat ng sarisaring disimpormasyon, kasinungalingan at mga kabulastugan. Di bababa sa 17 milyong polyeto ng propaganda ang ibinuhos ng mga US sa loob ng Iraq.

Agad na nanawagan para sa kagyat na pagpapatigil ng pambobomba ang China at Russia. Tinawag nilang "paglabag sa mga patakaran ng UN at iba pang pandaigdigang batas," "di lehitimo" at "di nararapat" ang digmang agresyon ng US. Ayon pa sa Russia, isa itong "malaking pagkakamali" at "di pinag-isipan nang mabuti."

Sa kabilang banda, nagpamalas ng kaduwagan ang France at Germany sa harap ng pambabraso ng US. Mula sa dati'y mariing pagtutol sa agresyon, nagkaka-

sya na lamang ang mga ito sa "pagha-handa s a

malaking kaswalti sa hanay

ng mga sibilyang Iraqi." Mas masahol pa, hindi pipigilan ng Germany na gamitin ng mga eroplanong pandigma ng US ang kanilang himpapawid.

Gayundin, lumabas na inutil ang UN sa harap ng walang pa-kundangang paglapastangan ng US sa lahat ng prosesong diplomatiko at pampulitika ng kapulungan.

Tulad ng inaasahan, nagkandarapang magbigay ng suporta ang Pilipinas at South Korea, kapwa malakolonya ng US. Pumanig din sa US ang Japan.

Pumayag na rin ang Turkey na gamitin ng US ang himpapawid ng bansa sa pagsalakay. Namaniobra ng naghaharing partido sa Turkey ang karereorganisang parlamento para pahintulutang pumasok ang karagdagang 60,000 tropang Amerikano sa bansa. Noon pa mang hindi pa pormal na pumapayag ang parlamento, tuluy-tuloy ang pagpapapuslit ng pwersa at kagamitan ng US sa hilagang Iraq gamit ang mga daungan at pasilidad ng Turkey.

Sa bisperas ng pananalakay, tanging ang pinakamasusugid nitong alyado tulad ng UK at Spain ang nasandalan ng US. Ngunit ka-

hit ang mga ito ay nahaharap sa matinding pagtutol at pag-aaklas sa loob ng kani-kanilang mga bansa.

> Sunud-sunod na nagbitiw sa pwesto ang ilang mga prominenteng myembro ng gubyerno ni Tony Blair ng UK

> > matapos niyang ideklara ang walang kundisyong pagsuporta

sa pandigrigma ng US. Isinusuka siya ng kanyang mga kapartido at nakuha lamang niya ang pagsangayon ng parlamento dala ng mga boto ng kalabang partido. Nananawagan na ang marami sa kanyang kapartido para sa kanyang pagbibitiw.

Sa US, UK at Spain, naganap ang pinakamalalaking demonstrasyon at pinakamalalawak na kilusang masa laban sa digmang agresyon sa Iraq. Nakahanda rin ang mamamayan dito na tuluy-tuloy na labanan ang digmang agresyon at usigin ang kanilang mga upisyal.



# Tutol sa gera ang sambayanang Pilipino

Sa Luzon, Kabisayaan at Mindanao, umaalingawngaw ang mariing pagbatikos sa gera ng US sa Iraq

Sa kasisimula pa lamang na gera laban sa Iraq, buong kapal ng mukha na inianunsyo ni Gloria Macapagal-Arroyo na kabilang ang kanyang gubyerno sa tinaguriang "coalition of the willing" na hayagang sumusuporta rito.

Sinamantala rin ni Macapagal-Arroyo ang malaon na niyang ina-asam-asam na pagsisimula ng gera upang mabigyang-katwiran ang na-pipinto niyang paggamit ng "emergency powers" at mapadali ang pagpapasa sa "Anti-Terrorism Bill."

Bago pa man simulan ang gera, ipinakita na rin ni Macapagal-Arroyo ang pagpapakatuta niya sa amo niyang numero unong terorista sa mundo. Sunod-sunod ang mararahas na pagbuwag sa mga mapayapang demonstrasyon laban sa gera ng US sa Iraq. Hapon ng Marso 20, walang-awang pinagpapalo, binomba ng tubig at pinaghuhuli ng mga pulis ang mga kasapi ng Bagong Alyansang Makabayan

(BAYAN), Pamalakaya, Anakbayan, Anakpawis at KMU. Bagamat 12 sa kanila ang nasaktan, mas malaking bilang pa ng mga demonstrador ang bumalik sa US embassy, kabilang ang mga obispo, pari at madre na kasapi ng Promotion of Church People's Response, Justice not War Coalition, Bayan Muna, Moro Christian Peoples Alliance, Migrante at Gabriela.

Noon namang Marso 18, umabot sa 11 demonstrador, kabilang ang isang 10 taong gulang na batang lalaki, ang nasaktan nang buwagin ang kanilang rali sa tapat din ng US Embassy. May mga nabalian ng paa, binti at kamay at pumutok ang ulo. Pinagbubugbog din at pinaputukan ng baril ng pro-US at anti-komunistang Discovery Crusade of the Philippines ang isang grupo ng mga nagrarali laban sa gera.

Samantala, naglabas ng patalastas sa Philippine Daily Inquirer nitong Marso 20 ang koalisyong Women Working for Peace laban sa gera ng US sa Irag. Bukod sa 31 kababaihang convenor ng koalisyon, pirmado ang patalastas ng mahigit 160 madre, kababaihang mambabatas at lokal na upisyal, mga artista, tagamidya at iba pang prominenteng lider kababaihan, 17 organisasyon ng kababaihan, mga guro at istudyante sa 17 paaralan at libu-libo pang iba. Ayon sa koalisyon, nababahala sila sa kahihinatnan ng 1.4 milyong Pilipino sa Middle East, kung saan 65% ay mga babaeng domestic helper. Anila, lumalaki ang bulnerabilidad ng kababaihan at mga bata sa panggagahasa at sekswal na abuso kapag may gera. Ang panggagahasa tuwing may gera ay isang moda ng tortyur at panlulupig, dagdag nila.

Sa mga unang oras ng pagsalakay ng US sa Baghdad at iba pang bahagi ng Iraq, nakiisa ang mga Pilipino sa mga protesta sa 126 na bansa sa mundo. Bukod sa Metro Manila, pumutok ang mga kilos protesta sa Baguio City at sa Rizal, Quezon, Cavite, Laguna, at Occidental Mindoro. Paralisado ang buong Panay at Guimaras sa welga laban sa pagtaas ng presyo ng langis at pagsalakay ng US sa Iraq. May mga pagkilos din sa mga lunsod ng Bacolod, Cebu, Davao, Cagayan de Oro at Zamboanga.

Binatikos din ng mga senador at kongresista na kasapi ng Legislators Against War (LAW) ang unilateral na gerang ito ng US.

Inianunsyo ng Justice not War Coalition ang paglulunsad ng malakihang mga kilos protesta simula ngayong Marso 22.

# Sagot sa armadong interbensyon ng US

Sa ika-34 anibersaryo nito, lubos ang kahandaan ng BHB na ibayong isulong ang digmang bayan

Prinsipal na tungkulin ng BHB at buong rebolusyonaryong kilusan ang pagsusulong ng digmang bayan. Lalong kailangang pahigpitin ang kapit sa tungkuling ito sa harap ng umiigting na pambansa at pandaigdigang krisis ng naghaharing reaksyunaryong sistema. Lalong nabubulok at bumabangis ang paghahari ng imperyalismo at reaksyon at lumalakas ang pakikibaka ng mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan para sa demokrasya, pambansang kalayaan, katarungan at kapayapaan.

Bilang na ang mga araw ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Dahil desperadong isalba ang sarili, lalo pa nitong pinasasahol ang todotodong kontra-rebolusyonaryong

gera kasabay ng lalong pagpapalawak at pagpapalalim ng interbensyong militar ng US sa Pilipinas.

Walang lubay ang mga atake nito sa mga rebolusyonaryong pwersa at baseng masa. Pero dahil wala itong pagasang manalo sa BHB at Moro Islamic Liberation Front (MILF), nagkukutsaba ang rehimen at ang US upang direkta na ring maipakat ang mga pwersang Amerikano laban sa mga rebolusyonaryong pwersa. Pinipilit nilang ga-

mitin ang "gera kontra-terorismo" upang bigyang-katwiran ang panggegera sa mga rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas.

Sa harap ng malakas na pagtutol ng mamamayan at pati ng reaksyunaryong oposisyon at paglalantad sa mga kasinungalingan ng rehimen, naubusan na ng katanggaptanggap na dahilan ang sabwatang Bush at Macapagal-Arroyo upang bigyang-katwiran ang tuwirang ag-

resyon ng US sa bansa. Nagpakulo sila ng pambobomba sa Davao City at iba pang lugar sa Mindanao para ibintang nang tuwiran sa MILF at nang di-tuwiran sa BHB. Biniti-

wan na nila ang kunwa'y pagtugis sa Abu Sayyaf at tahasan nang ipinahayag

ang balak na pagpakat ng

tropang
pangkombat ng
US sa
m g a

base ng mga rebolusyonaryong pwersa: sa North Cotabato, isa

sa mga base ng MILF, at sa Occidental Mindoro, Quezon at Compostela Valley, na mga base naman ng BHB.

Para bigyang-daan ito, sa tulak din ng US ay sinagasaan ng rehimen ang usapang pangkapayapaan sa NDFP at sa MILF. Sa halip, ibayong pinatitingkad ng sabwatan ng Bush at Macapagal-Arroyo ang pamamaraang militar na pangunahing aasa na sa agresyong US sa tangkang sugpuin ang rebolusyonaryong kilusan. Para mabigyang-katwiran ang mga ito, ipinaggigiitan ng US at ng papet na rehimen ang deklarasyon na "terorista" ang Partido Komunista ng Pilipinas, BHB at si Kasamang Jose Ma. Sison. Idinedeklara na rin ngayon ng papet na rehimen na "terorista" ang MILF.

Hindi nasisindak ang mga rebolusyonaryong pwersa sa banta ng rehimen at ng imperyalismong US. Hindi nangangamba ang BHB sa bantang papapasukin ang mga tropang Amerikano sa mga larangang gerilya at teritoryo ng rebolusyonaryong kilusan. Oras na pumasok ang mga armadong pwersa ng US sa mga larangang gerilya, itatransporma ng rebolusyonaryong kilusan ang kasalukuyang digmang sibil tungo sa isang pambansang digma laban sa US. Ang agresyon ng US ay magpapasiklab ng malawak na patriyotikong oposisyon na makapagpapabagsak sa kasalukuyang papet na rehimen o alinmang kasunod na

rehimeng magtataguyod ng dayuhang armadong agresyon.

Pananatilihin ng BHB ang kabuuang depensibong tayo nito sa kasalukuyang yugto ng digmang bayan. Gayunman, alinmang pwersang pangkombat ng US na papakat sa loob o sa kanugnog ng mga teritoryo ng rebolusyonaryong kilusan ay magiging target ng atake ng BHB at mamamayan. Mananatili ring puspusan ang pagkilos ng Partido, BHB at buong rebolusyonaryong kilusan upang biguin ang dayuhang agresyon at palayasin ang mga dayuhang tropa sa Pilipinas.

Binibigyang-diin ngayon ng Partido at buong rebolusyonaryong

### 98 armas nasamsam sa reyd sa Surigao

SIYAMNAPU'T walong armas ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma sa matagumpay na reyd sa armori ng Picop Resources Inc. sa Barangay Tabon, Bislig, Surigao del Sur nitong Marso 21.

Walang nagawa ang dadalawang gwardya nang pasukin ng BHB ang pinag-iimbakan ng mga armas ng Mission Security Agency at ng CAFGU na nagsisilbi ring pwersang panseguridad ng PICOP.

Nasamsam sa reyd ang 47 M14, 27 garan, 17 karbin, isang M16, dalawang .38, apat na *shotgun* at isang *two-way radio*.

Ang PICOP ang pinakamalaking kumpanyang gumagawa ng papel sa Pilipinas at isa sa pinakamalalaki sa buong Asia. Mahaba ang rekord ng panunupil ng PICOP sa mga manggagawa nito at sa mga magsasakang nakatira sa paligid ng kumpanya.

#### "Sagot...," mula sa pahina 5

kilusan ang mas malawak na pagabot at pagpapakilos sa mamamayan, ang paghihiwalay at pagpapabagsak sa sagad-sagaring papet, mapaniil at bulok na rehimeng US-Macapagal-Arroyo, at paglaban sa tumitinding interbensyong militar ng US. Kukumprontahin at lalabanan nito ang mga susunod pang papet na rehimen.

Nakahanda at mahusay na nakapakat ang Partido at mga rebolusyonaryong pwersa para sa lahatang-panig at ibayong pagpapalakas, higit na mabilis na pagsulong at malalaking pagsikad ng mga rebolusyonaryong pagsisikap sa taong ito at mga susunod na taon.

Binibigyan ng partikular na atensyon ang ilang susing sangkap sa paghahanda ng hukbong bayan at pagsusulong ng armadong pakikibaka. Paghahanda na rin ang mga ito sa lalong nalalapit na posibilidad ng agresyong militar ng US laban sa mga rebolusyonaryong pwersa at baseng masa:

► Pukawin, organisahin at pakilusin ang milyun-milyong mamamayan para lumahok at sumuporta TUMAGAL lamang ng 15 minuto ang mapangahas na pagsalakay ng Bagong Hukbong Bayan sa himpilan ng pulisya at munisipyo ng Carmen, Agusan del Norte pagna gabi ng Marso 16

9 na armas nakumpiska sa reyd sa Agusan

noong gabi ng Marso 16.

Nabigla ang tatlong pulis at mga badigard ni Mayor Ramon Gato nang paulanan sila ng bala ng mga gerilyang sakay ng dalawang trak. Nakipagpalitan sila ng putok ngunit madali silang nagapi ng pinagsanib na pwersa ng Julito Tiro Command at Cesar Cayan Command ng BHB-North Central Mindanao.

Nasamsam sa reyd ang walong M16, isang M79, 500 bala, 40 magasin ng M16 at isang *base radio*.

Sumaklolo ang mga tropang militar ngunit hindi na nila inabot ang mga gerilya. Isang badigard ng alkalde ang napatay at dalawang iba pa ang nasugatan sa labanan.

sa armadong pakikibaka at kilusang masa. Maramihang buuin ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa, milisya at sangay ng Partido sa kulu-kulumpon hanggang sa nakararaming mga baryo at mga bayan. Higit na pasiglahin ang mga pakikibakang antipyudal at iba pang pagkilos ng masa. Palawakin at palakasin ang nagkakaisang prente. Pahigpitin ang ugnayan at tulungan ng mga kilusan sa kanayunan at kalunsuran.

- ▶ Higit na palawakin, pagdugtung-dugtungin at patatagin ang mga larangang gerilya at sinsinin ang mga ito sa pamamagitan ng pagtitiyak na may naitatayong batayang yunit ng hukbo sa mga munisipalidad sa saklaw ng mga larangang gerilya.
- ▶ Palakasin ang rekrutment sa BHB mula sa malawak na baseng masa sa kanayunan alinsunod sa mga pamantayan at alituntunin, gayundin ang suportang tao, materyal at pulitikal mula sa kalunsuran.
- ▶ Pataasin ang kasanayang pulitiko-militar ng mga upisyal at mandirigma para sa katalasan sa pulitika, pamumuno at kakayahang lumaban.

- ▶ Ihabol ang sapat na pag-aarmas sa lumalaking pwersa ng hukbong bayan, pangunahin na sa pamamagitan ng mga taktikal na opensiba.
- ▶ Isaayos ang laking-platung saligang pormasyon ng BHB, ang lakas-kumpanyang pwersa sa bawat larangang gerilya, ang karampatang bertikalisasyon at ang sistema ng relatibong konsentrasyon at dispersal, upang maging mas epektibo sa pagdedepensa laban sa kaaway, pagpapatupad ng mga gawaing pampulitika at paglulunsad ng mga taktikal na opensiba.
- ► Isaayos ang iba't ibang gawaing pampulitika sa hanay ng mga reaksyunaryong sandatahang pwersa.
- ▶ Determinado at matatag na pasiglahin ang mga taktikal na opensiba, laluna yaong mga may malaking kahalagahan sa pulitika at makapag-aani ng mga armas. Inaasahan sa mga susunod na taon ang mas marami, mas madalas at mas laganap na mga taktikal na opensiba laban sa mga yunit ng AFP, PNP at paramilitar na umaatake sa rebolusyonaryong kilusan, gayundin laban sa mga may malalaking pagkakasala sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan. 

  ■

### Himpilan ng PNP sinalakay, komboy ng Philippine Army tinambangan

NITONG Marso 8, matagumpay na sinalakay ng BHB ang pulisya sa isang bayan at tinambangan ang dalawang pangkat ng Philippine Army. Sa tatlong taktikal na opensiba, 16 na sandata ang nasamsam, apat na sundalo kabilang ang isang tinyente ang napatay, at apat ang nasugatan.

Samar. Sabay na sumalakay sa bayan ng Calbiga ang dalawang pangkat ng Arnulfo Orpiz Command ng BHB-Timog Samar. Nireyd ng unang pangkat ang himpilan ng Calbiga PNP. Hindi nakapanlaban ang mga pulis sa bilis ng atake. Isa-isa namang nireyd ng pangalawang pangkat ang mga bahay ng mga masugid na kontra-rebolusyonaryo at masasamang elemento.


Nakasamsam ang mga Pulang mandirigma ng anim na M16, isang shotgun, isang .38 at dalawang 9 mm na pistola. Sa laking kahihiyan ng kaaway, sinibak sa pwesto ang hepe ng Calbiga PNP.

Bohol. Bandang tanghali, inambus ng mga gerilyang BHB sa bayan ng Mabini ang isang komboy ng Philippine Army na pauwi mula sa pagpapatrulya. Ang mga kawal ng 15th IB ay sakay ng isang dyip na Kennedy-*type* at isang *mini-cruiser* nang tambangan sila sa Sityo Bugtong, Barangay San Isidro.

Apat na sundalo ang napatay sa labanan, kabilang si 1Lt. Ronie Bungaos, intelligence officer ng 15th IB. Dalawa pang tropa ang nasugatan.

Apat na M16, isang M203, isang M79 at mga bala ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma.

Albay. Sa Barangay Tupas, Ligao City, tinambangan ng BHB ang nagpapatrulyang mga tropa ng 22nd IB bandang alas-8:30 ng umaga. Nasugatan si 2Lt. Rogel Hegana, commanding officer ng "B" Coy, at ang isang sarhento.



# Bigo ang all-out war sa Panay

Ang kumand ng SOT sa Panay ay nilipol ng mga Pulang mandirigma

ebrero 24, 2003, alas 5:30 ng hapon, tinambangan ng isang yunit ng BHB ang isang iskwad ng SOT (Special Operations Team) ng Task Force Panay sa sapa ng Sibagwan, Barangay Daan Sur, Tapaz, Capiz. Napatay sa labanang ito sina Capt. Francisco Fonteveros, and kumander ng SOT sa Panay, apat pang sundalo at ang giya nilang elemento ng CAFGU. Sugatan ang isa pang sundalo. Nasamsam ng yunit ng BHB ang limang ripleng M16, isang M14, maraming bala at isang two-way radio. Umabot ng humigit-kumulang 45 minuto ang labanan.

Namartir sa labanan si Kasamang Ismaelito "Ka Bob" Giganto, kumander ng BHB sa Central Front.

Pinasinungalingan ng tagumpay na ito ang naunang deklarasyon ng Task Force Panay (TFP) sa ilalim ng 3rd ID na nalipol na nila ang BHB sa Tapaz. Ipinagmalaki nilang ililipat na ng SOT sa pwersang impantri at CAFGU ang kontrol sa naturang bayan.

agdadalawang taon nang tinututukan ng TFP ang larangang ge-Maguadalawang taon hang tinatasa......g ng 3rd ID hanggang sa katapusan ng taong 2002, sa ilalim ng patakarang all-out war ng rehimeng US-Macapagal-Arroyo. Simula noong Hulyo 2001, itinutok ng TFP ang papalaking pwersa nito sa sentral na larangan. Noong Oktubre 2002 ay umabot na sa dalawangkatlo (2/3) ng buong pwersang militar sa Panay ang nakatalaga sa humigit-kumulang tatlong bayan lamang sa hangganan ng mga pru-



binsya ng Capiz, Iloilo at Aklan. Kabilang sa mga pwersang ito ang 12th IB, and Provisional Infantry Battalion (PIB), ang SOT, mga CAFGU at Army Engineering Battalion.

Ang lugar na kanilang kinokonsentrahan ay lupang ninuno ng mga Tumanduk, isang pambansang minorya sa Panay. Malakas ang suporta ng mga Tumanduk sa rebolusyonaryong kilusan dahil sa tulong nito sa kanilang pakikibaka laban sa pag-agaw sa kanilang lupa. Katunayan, and martir na si Ka Bob ay isang magiting na Pulang kumander na nagmula sa hanay ng mga Tumanduk.

Ipinakat sa intermedyang bahagi ng Tapaz, sa walong magkakatabing baryo, ang unang bats ng SOT sa ilalim mismo ng 3rd ID noong Nobyembre-Disyembre 2001. Naglunsad ito ng mga operasyong kombat at saywar upang pilitin ang mamamayan na sumapi sa CAFGU at Barrio Intelligence Network (BIN). Noong Hulyo 2002, ipinakat



### At tulad ng dati, umani ng papalaking protesta mula sa mamamayan ang ganitong mga paglapastangan sa karapatang-tao, at lalong dumami ang nagpasyang sumapi sa hukbong bayan.

naman sa mabundok na bahagi ang ikatlong bats ng SOT at ipinailalim sa TFP (ang ikalawang bats ay sa Bohol itinalaga). Samantala, inilagay din sa mga barangay na nakapalibot sa eryang binababaran ng SOT ang mga pwersa ng 12th IB bilang pwersang panseguridad nito.

Ngunit sa pagtatapos ng halos dalawang taon, hindi nakamit ng TFP ang layunin nitong makarekrut ng mga elemento ng CAFGU at BIN sa bawat baryo. Sa halip, di aabot sa kalahati ng target ang nakuha at ang mga napasapi ay ilang dati

nang masasamang elementong isinusuka ng masa sa lugar.

Sa mahabang panahong pagtigil ng reaksyunaryong militar sa kabundukan, inabuso nila nang labis ang mamamayan. Kabilang sa kanilang pananalanta ang pwersahang pagkonsentra ng mga tao sa sentro ng baryo at pagpapataw ng curfew, paninira ng mga panananim, pagdakip at pananakot sa mga pinaghihinalaang aktibo sa kilusan at pagtatangkang manggahasa. Binaril nila si Dante Parle, isang kabataang inakusahan nilang kasapi ng BHB. Karugtong lamang ito ng

### Mga sundalong Amerikano sa Central Panay

🗖 inututukan ng militar ang Central Panay hindi I lamang dahil sa sumusulong dito ang rebolusyonaryong kilusan. Isa ito sa mga posibleng pakatan ng mga tropang Amerikano sa balangkas ng papalalim at papalawak na armadong interbensyon ng US sa bansa.

Nitong Marso 5, 2003, dumating sa Camp Macario Peralta ang isang contingent ng mga sundalong Amerikano mula sa Sulu para sa diumano'y pagsasanay medikal sa mga sundalong Pilipino. Ngunit kapuna-punang wala ni isang duktor sa naturang contingent.

Ang Central Panay ay binubuo ng 24 na baryo sa mga bayan ng Tapaz at Jamindan at sumasaklaw sa 12% ng buong kalupaan ng lalawigan ng Capiz. Narito ang 33,310 ektaryang lupang ninuno ng mga Tumanduk na matagal nang inaagaw ng AFP upng lunsaran ng war games.

Dito nakapusisyon ang Camp Macario Peralta na bukod sa pagiging punong himpilan ng 3rd ID ay isa sa pinakamalawak na training ground mula nang mailipat sa pansibilyang gamit ang Sangley Point sa Cavite. Dito inilulunsad ang iba't ibang pagsasanay ng mga sundalo. Dito rin nagsasagawa ng testing ng mga armas at bomba.

Mula noong 1994 ay tinangka na ng 3rd ID na palikasin ang mga naninirahan doon na tinagurian nilang mga iskwater. Noong Disyembre 1995, apat na tao, kabilang ang dalawang bata, ang nasugatan nang ang sinusubukang bomba ay kinapos sa target at tumama sa kabahayan. Noong Oktubre 1994, inilunsad rito and mahigit isand linggong extension training ng Balikatan na dinaluhan ng humigit-kumulang 350 sundalong Amerikano na may dalang iba't ibang eroplanong pandigma at mga bomba.



mahaba na ring kasaysayan ng panunupil sa mga pambansang minorya sa Tapaz mula pa noong panahon ng rehimeng US-Marcos. At tulad ng dati, umani ng papalaking protesta mula sa mamamayan ang ganitong mga paglapastangan sa karapatang-tao, at lalong dumami ang nagpasyang sumapi sa hukbong bayan.

Bukod sa pagtarget na wasakin ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa, nilayon din nilang tugisin at durugin ang mga yunit ng BHB. Naglunsad ang mga ito ng mga operasyong kombat. May mga buwang higit pa sa dalawang operasyong laking-batalyon ang nailulunsad.

Gayunman, walang naganap na mapagpasyang engkwentro sa mga yunit ng BHB dahil pinangalagaan ng mamamayan ang kaligtasan ng hukbo at ng mga organisasyong masa.

Napilitan na lamang ang militar na mag-imbento ng mga sagupaan tulad ng nangyari noong Nobyembre 27, 2002 sa Santa Carmen, Dumalag, Capiz, kung saan binaril at napatay ang isang sundalo ng kapwa niya rin sundalo at malubhang nasugatan ang isa pa. Nagsasagawa noon ang 12th IB ng isang combat clearing operation. Ipinagmalaki ito ng TFP bilang engkwentro sa BHB at pinarangalan pa ang kanilang napatay.

Nitong huli, ang mismong sentro ng kumand ng SOT ay nilipol ng BHB. Binibigyang-diin ng matagumpay na taktikal na opensibang ito ang pagkabigo ng kanilang kampanyang militar.

Bibiguin ng BHB ang lahat ng kontra-rebolusyonaryong kampanya ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Sa suporta ng masa, patuloy itong lumalakas at tumatatag, katuwang ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa ng mga pambansang minorya upang ibayong ipagtanggol ang lupang ninuno. 48

# Magigiting na Pulang kumander

Sina Ka Bob at Ka Berto ay mga bayani ng mga pambansang minorya at ng sambayanang Pilipino

ilang pagpupugay sa lahat ng Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, inilalathala ng *Ang Bayan* ang mga parangal sa dalawang martir na kumander na walang pag-iimbot na naglingkod sa rebolusyon at sa sambayanan. Bukod sa kanilang katangi-tanging mga rekord sa pakikibaka, maningning na mga halimbawa sina Ismaelito "Ka Bob" Giganto at Ado "Ka Berto" ng kapasyahan at tagumpay ng mga pambansang minorya na aktibong lumahok sa pambansang rebolusyonaryong pagbabago.

Si Ka Bob ay namatay na nakikipaglaban sa mga tropa ng kaaway sa Tapaz, Capiz noong Pebrero 24. Si Ka Berto naman ay namatay habang gumagampan ng

rebolusyonaryong gawain noong Enero.

 $\mathbf{K}$ a Bob (Salin at halaw sa parangal ng Komiteng Rehiyon ng PKP sa Panay)

Si Ka Bob ay isang Tumanduk, isa sa mga pambansang minoryang konsentrado sa sentral na bahagi ng Panay.

Kabilang ang pamilya ni Ka Bob sa mga napatalsik nang gamiting lugar ng pagsasanay-mili-

tar ang Tapaz at Jamindan, Capiz noong 1962. Inagaw din at ginawang pastuhan ng malalaking panginoong maylupa ang kanilang

Iupain sa Tapaz.

Ang pamilya ni Ka Bob ay isa sa pinakamasisigasig sa pakikibaka nang dumating ang BHB sa kanilang lugar at organisahin ang mga Tumanduk noong 1972. Sampu ng kanyang amang si Mal-am Benig, iginagalang na lider ng mga Tumanduk, hinimok ng kanilang pamilya ang iba pang mga pinuno ng mga baryo upang sumuporta sa BHB. Naging matagumpay ang kilusang masang inilunsad nila laban sa tumado,

isang porma ng upa sa lupa na ipinatupad ng Philippine Army. Bago sumampa sa BHB, isa si Ka Bob sa mga aktibistang nakibaka para sa tunay na reporma sa lupa laban sa malalaking panginoong maylupa.

Taong 1984 nang

sumapi si Ka Bob sa BHB. Lumahok siya sa maraming matatagumpay na aksyong militar. Mahusay niyang ginamit ang pagkakabisa niya sa tereyn, ang kanyang malapit na ugnay sa mamamayan at kaalaman sa kultura at kasaysayan ng mga Tumanduk.

Kahit sumapi siya sa panahon ng mga paglihis noong dekada 1980, nanatiling matatag ang kanyang rebolusyonaryong paninindigan. Pagkaraan ng ilang taon, itinalaga siya bilang Pulang kumander ng pangunahing yunit gerilya ng larangang sumasaklaw sa Tapaz, Jamindan at Calinog sa



Capiz. Matagumpay na naigpawan ng yunit sa kanyang pamumuno ang bangis ng inilunsad na todogera at iskemang gradual constriction ng rehimeng US-Ramos sa pamamagitan ng mahusay na ugnay sa masa.

Naging mahusay ding kadre ng Partido si Ka Bob. Kagawad siya ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Panay. Naging masigasig siya sa

pagpapaunawa sa mga Tumanduk sa lokalidad at sa hukbong bayan ng kahalagahan ng mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo at ng kumprehensibong pagsusulong sa rebolusyon. Malaki ang naitulong niya sa pagrekober sa mga lugar na dating nakilusan ng BHB.

Minsang sinabi ni Kasamang Mao Zedong, "Walang usapin kung ilibing ang bayani saanman siya nalugmok. Ang mahalaga ay nabuhay at namatay siyang matapat na naglilingkod sa rebolusyon at sa sambayanan."

Malaki rin ang ginampanang papel ni Ka Bob sa pagiging tagapamagitan sa mga alitan ng mga magkakaaway na angkan at mga baryo. Matiyaga niyang itinuro ang pagbubuo ng mga organisasyong masa, ang demokratisasyon at kolektibong pamumuno sa paraang hindi sumagasa sa sistema ng hustisya ng mga Tumanduk at sa mga tradisyunal nilang mga pinuno.

Sinalamin ni Ka Bob ang mas mataas na antas ng pakikibakang inabot ng mga Tumanduk. Hindi lamang siya naging matapang na mandirigmang Tumanduk o matalino at kagalang-galang na lider ng tribo. Siya ay naging tunay na proletaryong rebolusyonaryong lider.

 $\mathbf{K}$ a Berto (Halaw sa parangal noong Pebrero 9 ng nakatataas na organo ng kanyang yunit)

Ado ang tunay na pangalan ni Ka Berto. Tulad ng marami pang

Aggay (isang grupong minorya sa bahagi ng Sierra Madre na nasa Hilagang Luzon), wala siyang apelyi-

Naugnayan at sumampa siya sa Isabela, noong kabubuo pa lamang ng BHB, mahigit 30 taon na ang nakalilipas. Isa siya sa mga minoryang pinakamaagang naugnayan at sumampa at isa rin sa mga kumander at mandirigma ng BHB-minor-

> ya man o hindi na pinakamatagal sa hukbo.

Sa mahigit 30 taon hanggang pagkamatay, ang hukbo, ang Partido at ang rebolusyonaryong kilusan ang kanyang tanging pamilya at buhay. Namatay ang kanyang asawa sa labanan sa isang malaki at

maselang misyon nang hindi pa sila matagal sa hukbo. Ang kaisaisa niyang anak ay namatay ding kasapi ng kilusan. Ang kanyang kapatid ay kamakailan lamang niya nadalaw pagkaraan ng maraming taon.

Bago pa man sumampa sa hukbo, si Kasamang Berto ay tinitingala ng mamamayan sa malawak na bahagi ng Sierra Madre. Kilalang matapang ang kanilang tribo; pero mas mahalaga, pambihira ang antas ng kasanayan ni Kasamang Berto bilang mangangaso at manggugubat, namumukod ang kanyang likas na talino, katapangan, lawak ng pag-unawa, kabutihang loob, at husay na makitungo sa iba, minorya man o hindi.

Ang mga unang bahagi ng pagkilos ni Kasamang Berto sa hukbo ay sa sandatahang yunit pampropaganda at yunit gerilya at ang nakaraang halos 20 taon ay sa isang yunit pansuporta. Maraming matagumpay at pukpukang labanan ang kanyang sinamahan. Bilang kumander ng kanyang yunit, pinamunuan niya ang pagharap at paglaban sa maraming malakihang kampanya at operasyon ng kaaway. Napatunayan sa mga labanan ang husay niya bilang isnayper. Kinilala rin siya bilang mahusay na treynor ng BHB.

Sa yunit na kanyang kinabibilangan, si Kasamang Berto ay karaniwan ding tagapagpahinahon sa mga kasamang naiinip, nagiging mapusok o di kaya'y nagkakaalitan. Sa panahon ng kagipitan at init, siya ay karaniwang nagpapagaan at nagpapasaya sa pamamagitan ng biro, magiliw na komentaryo at nakakatawang kwento.

Dahil panatag at tiwala sa kanyang kakayahan at buung-buo ang loob sa pakikisama sa mga kasama sa Partido at hukbo, hindi kailanman naging suliranin ni Kasamang Berto ang pakikitungo sa kasama at sa masang hindi minorya. Pantay at walang itinatanging kulay ng balat o relihiyon ang kanyang pakikitungo sa iba. Isang kwentong kinatutuwaan niya ay ang karanasan sa mga nakaririwasang magsasaka na hindi malaman kung paano siya pakikitunguhan kapag sinabihang siya, ang Ita, ang kumander ng yunit ng hukbo.

Tulad ng maraming iba pang martir ng rebolusyon, si Kasamang Berto ay inilibing sa gitna ng gubat na kanyang kinalugmukan, malayo sa lugar na kanyang sinilangan. Minsang sinabi ni Kasamang Mao Zedong, "Walang usapin kung ilibing ang bayani saanman siya nalugmok. Ang mahalaga ay nabuhay at namatay siyang matapat na naglilingkod sa rebolusyon at sa sambayanan." Gayon si Kasamang Berto, magiting na bayani ng sambayanan at rebolusyong Pilipino. 🝱



### Mga bihag ng BHB at MILF, palalayain na

PALALAYAIN na ng BHB at MILF ang kani-kanilang mga bihag ng digma bilang pagpapakita ng katapatan sa hinahangad na kapayapaan. Inianunsyo ito sa isang dayalog noong Marso 15 na nilahukan nina Al Haj Murad, Vice Chairman for Military Affairs ng MILF, Ka Allan Juanito ng Komisyon ng PKP sa Mindanao; Jorge "Ka Oris" Madlos, tagapagsalita ng NDF-Mindanao; at 15 obispong Katoliko, mga Muslim na ulama, mga lider sektoral at iba pa.

Pitong tropa ng gubyerno ang binihag ng MILF noong Marso 6 sa Barangay Tingin-Tinginin, Balo-i, Lanao del Norte. Isinasaayos na lamang ang mga dokumento ng pagpapalaya sa kanila. Samantala, kumpirmasyon na lamang ng pamunuan ng PKP ang hinihintay upang mapalaya na ang mga bihag ng BHB.

### Paglabag sa karapatang-tao sa Gitnang Mindanao, lumalala

LUMALALA ang kalagayan ng karapatangtao sa Gitnang Mindanao. Sa Pikit, North

Cotabato, umabot na sa 41,000 ang mga nagsilikas at 16 (14 ang mga bata) ang namatay sa tigdas sa masisikip na *evacuation center* mula nang muling sumiklab ang mga labanan sa pagitan ng AFP at MILF.

Sa isinagawang fact-finding mission doon mula Pebrero 28 hanggang Marso 4, natuklasan ng Karapatan, Moro-Christian Peoples Alliance (MCPA) at Bayan Muna na hindi kukulangin sa 38,808 katao o 60% ng populasyon ng Pikit ang nawalan ng mga tirahan.

May naitalang limang sibilyang sinalbeyds (dalawa sa kanila ay bata mula sa Datu Piang, Maguindanao); at anim kataong iligal na inaresto sa Barangay Kidama. May 161 bahay ang sinunog ng mga elemento ng 40th IB: 84 sa North Cotabato at 77 sa Sharif Aguak, Maguindanao. Sa pangkalahatan, may naisadokumentong 35 kaso ng pwersahang pagpapalikas, kung saan

12 ang namatay; apat na kaso ng pambobomba; 10 kaso ng pananalbeyds; at 44 na kaso ng pangungulimbat. Laganap din ang paninira sa mga istrukturang panrelihiyon.

Ayon din sa Diocese of Kidapawan City, bago ang pinakahuling kaso ng paglikas, nagsisiksikan na ang 15,445 pamilya o 62,195 katao sa 100 *evacuation center.* Noong Marso 1, ilan sa mga nagsilikas ang sumubok na magbalik sa Sityo Galingayon, Barangay Maksabual sa Pikit. Ngunit sinunog ng mga sundalo ng 40th IB ang 27 sa kanilang mga bahay noong Marso 3.

Dahil sa kalunus-lunos na kalagayang ito, iginigiit ng Karapatan, MCPA, Bayan Muna at mga asosasyong pangkalusugan na imbestigahan ng Kongreso ang mga pangyayari. Kasabay ding inilunsad ng nasabing mga organisasyon ang pandaigdigang kampanya para igiit kina Macapagal-Arroyo at Sec. Angelo Reyes ng Department of National Defense na kagyat na ipatigil ang mga operasyong militar sa Gitnang Mindanao.

### Kampanyang Defend Sison, lumalawak

PATULOY na umaani ng malawak na suporta sa ibayong dagat ang kampanya para tanggalin ang BHB at si Kasamang Jose Ma. Sison sa listahan ng mga "terorista". Lumalawak din ang suporta para sa karapatan ni Sison bilang isang *political refugee*.

Ayon kay Ruth de Leon ng Committee Defend, tuluy-tuloy ang mga aksyong protesta sa iba't ibang dako ng mundo para sa mga karapatan ni Sison. Kabilang dito ang mga demonstrasyon, piket, pagpapadala ng mga sulat at mga petisyon, pag-iipon ng mga lagda, mga pangkulturang pagta-

tanghal, mga porum at pag-*lobby* sa European Parliament at sa gubyernong US. Sa ngayon, umabot na sa 50,000 ang pumirma sa deklarasyon ng suporta kay Sison na ihahapag sa European Commission sa Abril 15.

Nagboluntaryo naman bilang dagdag na abugado ni Sison si Ramsey Clark, US Attorney General noong panahon ng administrasyong Lyndon B. Johnson. Siya ang nagtatag ng International Action Center, na sa ngayon ay sentro ng malalaking mobilisasyon laban sa panggegera ng US sa Iraq.



### Kababaihan laban sa interbensyong militar ng US

NOONG Marso 8, Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Anakpawis, libu-libong kababaihan ang nanindigan at bumuhos sa mga lansangan upang iparating kapwa kay George Bush at kay Gloria Macapagal-Arroyo ang kanilang matinding galit at pagkamuhi sa paglapastangan ng imperyalismong US at ng papet na republika sa pambansang soberanya. Sa pangunguna ng Gabriela, nanawagan ang kababaihan para sa kagyat na pagpapatalsik kay Macapagal-Arroyo.

Ayon pa sa kanila, hindi lamang magiging mga direktang kaswalti ng digma ang kababaihan. Patitindihin din ng interbensyong militar ng US ang "sex trafficking" at sapilitang pagrekrut ng kababaihan sa "kalakalan ng laman". Nang ilunsad ang Balikatan 02-1 noong nakaraang taon, naiulat ang paglaganap ng rekrutment ng mga batang kababaihan (edad 13-18) sa sentro ng Davao upang ipadala sa Zamboanga kung saan nakabase ang tropang Amerikano.

Bukod sa 3,000 kababaihan at batang nagmartsa patungong tulay ng Mendiola sa Maynila, mahigit 1,000 kasapi ng Bicol Concerned Women for Nationalism (Bicolana) ang nagrali sa kampo ng 19th IB sa Pilar, Sorsogon.

Sa Borongan, Eastern Samar, nagmartsa sa ulan ang 2,000 madre at paring Katoliko, seminarista, iba pang relihiyosong sektor, magsasaka at drayber ng traysikel. Kasabay ng pagdiriwang ng araw ng kababaihan, mariin nilang ipinakita ang pagtutol sa napipintong

gera ng US sa Iraq.

Sa Bacolod City, sumali ang 1,500 manggagawang kababaihan sa dalawang araw na *noise barrage* at martsa ng Alliance of Youth Against War (AYAW).

Nagkaroon din ng pagkilos ang Innabuyog-Gabriela, Dinteg Alternative Law Center at Cordillera Peoples Alliance sa Baguio City.



### Stalin, patuloy na ipinagbubunyi

LIBU-LIBONG mamamayan ang dumalaw sa puntod ni Josef Stalin, lider-komunista ng dating Union of Soviet Socialist Republics (USSR) sa ika-50 anibersaryo ng kanyang pagkamatay nitong Marso 5. Daladala ang bandila ng dating USSR, nag-alay sila ng mga pulang bulaklak para sa isang dakilang lider at

ama ng bansa. Karamihan sa mga dumalo ay mga beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at mga sundalong nagtanggol sa USSR laban sa pananakop ng pasistang si Hitler.

Maraming Ruso at iba pang mamamayan sa dating USSR, laluna na yaong mga nakatatanda, ang tumatanaw kay Stalin bilang isang mabuti at makataong lider. Sa ilalim ng kanyang pamumuno, bumu-kadkad ang USSR bilang isang makapangyarihang sosyalistang bansa.

Si Stalin ang humalili bilang pangkalahatang kalihim ng Communist Party of the Soviet Union (CPSU) nang mamatay si Vladimir Lenin noong 1924. Bago ito, nagsilbi siyang patnugot ng *Pravda*, upisyal na pahayagan ng CPSU. Mula 1928 hanggang 1941, ipinatupad niya ang magkakasunod na limang-taong planong nagpaunlad at nagpalago sa industriya at agrikultura ng USSR.

### TESDA nagpapalaganap ng prostitusyon

NABUNYAG ngayong Marso ang papel ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) sa paglaganap ng prostitusyon. Ang TESDA ang ahensya ng gubyerno na nag-aapruba sa Artist's Record Book (ARB) na nagpapatunay diumano na mayroong kasanayan sa mga sining tulad ng pagsasayaw at pagawit ang isang aplikante na nais magtrabaho bilang overseas performing artist. Karamihan sa mga nais magkaroon ng ARB ay mga aplikante para magtrabaho sa Japan bilang tagaaliw. Halos lahat ng aplikanteng ito ay nauuwi sa prostitusyon pagdating sa Japan.

Ayon sa Development Action for Women Network (DAWN), na siyang naglantad sa anomalya, umaabot

sa P45,000 ang ibinabayad ng mga aplikanteng walang kasanayan sa sining para lamang mabigyan sila ng ARB. Anang DAWN, nagsisilbing bugaw ang gubyerno dahil sa gayong kalakaran.

Nabunyag din ang malaking papel ni Dante Liban, Director General ng TESDA, sa anomalyang ito. Ipinagyabang mismo ni Liban na sa loob ng unang walong buwan ng kanyang panunungkulan, 55,000 ARB ang kanyang pinirmahan. Marami sa mga ARB na ito, anang DAWN, ay dati nang pirmado at ipinagbibili sa mga desperadong aplikante sa malaking halaga.

Dahil sa tindi ng mga batikos, napilitang magbitiw si Liban nitong Marso 14.